SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN Blg. c19-1d (NIREBISA)

PETSANG INILABAS ANG KAUTUSAN: Hulyo 14, 2020

Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang munting krimen na mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.;* Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1).

**SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040, 101085, 120175 AT 17 CCR SEKSYON 2501 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO (ANG "OPISYAL NG KALUSUGAN"):**

1. Ang mga Administratibong Kawani ng bawat Pasilidad tulad ng tinukoy sa ibaba sa Seksyon 6 ay dapat hindi pinahihintulutan sa pagpasok o pagpunta sa mga lugar nito ang sinumang Hindi Awtorisadong mga Bisita at mga Hindi-Kinakailangang Tauhan kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga bisita ng mga residente sa Pasilidad, maliban kung hayagang pinahintulutan sa ilalim ng eksepsyon para sa Limitadong Pagbisita sa Labas alinsunod sa Seksyon 8 sa ibaba, at kung pinahintulutan sa ilalim ng Limitadong Eksepsyon para sa mga CCRC alinsunod sa Seksyon 6 sa ibaba. Malinaw na kabilang sa Kinakailangang Pagbisita sa Loob (tinatawag na Kinakailangang Pagbisita o Kontak sa ilalim ng Naunang Kautusan) ang mga Pakikiramay na Pagbisita (Compassionate Care Visits), tulad ng tinukoy sa Seksyon 6 sa ibaba. Sa pagpapatupad ng Kautusang ito, ang mga Hindi Awtorisadong Bisita at Hindi-Kinakailangang Tauhan, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga miyembro ng pamilya ng mga residente, ay inuutusan na hindi bumisita sa alinmang Pasilidad maliban kung hayagang pinahihintulutan ng Kautusang ito. Ang mga Pasilidad ay kinakailangang magpatupad at magkaroon ng isang plano ("Plano sa COVID-19") para sumunod sa naaangkop na gabay mula sa Centers for Disease Control and Prevention ("CDC") ng Estados Unidos ayon sa pagkakalarawan sa Seksyon 6 sa ibaba. Panghuli, tulad ng itinakda sa Seksyon 12, ang mga Pasilidad ay sasailalim sa iniuutos ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng San Mateo ("Pampublikong Kalusugan ng County") na pagsusuri, mga hakbang sa pagpipigil, at mga kinakailangan sa pag-uulat ng positibo sa COVID-19 at hinihinalang positibo sa COVID-19 na mga residente at mga Kawani ng Pasilidad.

2. Ang Kautusang ito ay pumapalit sa naunang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan noong Hunyo 15, 2020 na naghihigpit sa mga Hindi Awtorisadong Bisita at Hindi Kinakailangang Tauhan mula sa pagpasok sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga sa County ng San Mateo (simula rito ay tutukuying "Naunang Kautusan"). Pinapalawig ng Kautusang ito ang mga probisyon ng Naunang Kautusan na patuloy na pigilan ang pagkalat ng Bagong Coronavirus Disease 2019 ("COVID-19") at bawasan ang epekto sa paghahatid ng mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, at protektahan ang mga madaling mahawang populasyon na nakatira sa mga Pasilidad, na nasa mas mataas na panganib mula sa COVID-19, pati na rin ang mga Kawani na nagkakaloob ng mahalagang pangangalaga sa loob

ng mga Pasilidad. Bilang karagdagan, pinahihintulutan na ngayon ng Kautusang ito ang Limitadong Pagbisita sa Labas sa ilalim ng mga tinukoy na kondisyon, nagbibigay ng limitadong eksepsyon na naaangkop sa mga CCRC, at higit na tinutukoy ang Kinakailangang Pagbisita at Kontak (na pinangalanan ngayon na "Kinakailangang Pagbisita sa Loob") na malinaw na kasama ang mga Pakikiramay na Pagbisita (Compassionate Care Visits), na tinukoy din dito. Nililinaw din ng Kautusang ito na kabilang sa pag-screen ng mga Kawani at residente sa ilalim ng Plano sa COVID-19 ang mga pagkuha ng temperatura. Sa epektibong petsa at oras ng Kautusang ito, ang lahat ng indibidwal, negosyo, at ahensya ng gobyerno sa County ng San Mateo ("County") ay kinakailangang sumunod sa mga probisyon ng Kautusang ito.

3. Inilabas ang Kautusang ito batay sa ebidensiya ng patuloy na pagdami ng transmisyon sa komunidad ng COVID-19 sa loob ng County at sa buong Bay Area, kabilang ang panghahawa ng mga walang sintomas; patuloy na kawalan ng kasiguraduhan kaugnay ng antas ng hindi pa natutukoy na panghahawa ng mga walang sintomas; siyentipikong ebidensiya at pinakamahuhusay na kagawian kaugnay ng mga pinakaepektibong paraan para mapabagal ang trasmisyon ng mga nakahahawang sakit sa pangkalahatan at partikular sa COVID-19; ebidensiyang dahil sa edad, kondisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County, nailalagay ito sa panganib ng mga malalang kumplikasyon sa kalusugan, kasama ang pagkamatay mula sa COVID-19, at ang karamihan ng mga indibidwal na nakatira sa mga Pasilidad na napapasailalim ng Kautusang ito ay nasa kategoryang iyon ng may mas mataas na panganib; at higit pang ebidensiyang nasa panganib din ng mga malalang kahihinatnan ang iba pang tao, kasama ang mga mas bata o kaya malulusog na tao. Dahil sa pagkalat ng sakit na COVID-19 sa pangkalahatang publiko, mayroong emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa buong County. Ang nagpapalala pa sa problema, ang ilan sa mga indibidwal na nahawaan ng virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19 ay walang mga sintomas o mayroong banayad na mga sintomas, na nangangahulugang maaaring hindi nila alam na nagtataglay sila ng virus at naililipat na nila ito sa ibang mga tao. Bukod pa rito, ipinapakita ng ebidensiya na maaaaring mabuhay ang virus nang ilang oras o araw sa mga ibabaw ng kagamitan at maaaring hindi ito direktang maipasa sa pagitan ng mga indibidwal. Dahil kahit ang mga taong walang mga sintomas ay maaaring makahawa ng sakit, at dahil ipinapakita ng ebidensiya na ang sakit ay madaling nakakalat, ang mga personal na interaskyon ay maaaring magresulta sa maiiwasan sanang transmisyon ng virus. Ang siyentipikong ebidensiya ay nagpapakita pa na sa yugtong ito ng emerhensiya, mahalaga pa ring patuloy na pigilan ang pagkalat ng virus hangga't maaari para maprotektahan ang pinakamadaling maapektuhan at para maiwasan na mabigatan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan at maiwasan ang mga pagkamatay. Ang pagpapalawig sa Naunang Kautusan ay kinakailangan para mapigilan at mapabagal ang pagkalat ng sakit na COVID-19, upang mapreserba ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalagang pangkalusugan sa County.

4. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap hanggang sa kasalukuyan kaugnay ng emerhensiyang ito sa pampublikong kalusugan, napabagal ang trajectory ng virus, ngunit patuloy na nananatiling malaki ang emerhensiya at ang kaakibat na banta sa pampublikong kalusugan. Nitong Hulyo 13, 2020, mayroong 4168 na kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa County at 114 na kamatayan, at ang 78 rito ay nauugnay sa mga pasilidad na tirahan ng mga grupo ng matatanda. Patuloy na lumalaki ang pinagsama-samang bilang ng mga kumpirmadong kaso nitong mga nakaraang linggo bago inilabas ang Kautusang ito. Batay sa ebidensya, napapabagal ng mga paghihigpit ng Naunang Kautusan (at ng mga kautusang nauna pa roon) ang pagtaas ng bilang ng transmisyon sa mga lugar ng pangangalaga ng mga grupo sa

pamamagitan ng paglilimita sa mga pagkakalantad sa mga residente at Kawani ng Pasilidad, na naaayon sa siyentipikong ebidensya tungkol sa pagiging epektibo ng mga katulad na pag-iingat sa iba pang bahagi ng bansa at ng mundo.

5. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni sa, Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensiya noong Marso 4, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Proklamasyon ng Direktor ng Pang-Emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na Lokal na Emerhensiya sa County noong Marso 3, 2020, Deklarasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) noong Marso 3, 2020 na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo noong Marso 10, 2020 na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa noong Abril 7, 2020 na Lalong Nagpapalawig sa Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Hanggang sa Gumawa ng Pagkilos ang County na Wakasan ang Lokal na Emerhensiya, Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-4 noong Marso 24, 2020 na nagdidirekta sa lahat ng laboratoryo na nagsasagawa ng mga dayagnostikong pagsusuri sa COVID-19 na i-ulat ang mga impormasyon ng pagsusuri sa COVID-19, Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9 noong Mayo 11, 2020 na nagpapahintulot ng ilang labis na pinapangasiwaan na mga pagtitipon sa sasakyan, ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-10 noong Mayo 13, 2020 na nag-uutos sa mga klinikal na laboratoryo na tumanggap ng mga pagtatakda para sa mga dayagnostikong pagsusuri mula sa Optum Serve and Logistics Health, Inc., ang mga Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c-19-6b at c19-7b noong Mayo 14, 2020 na nagrerebisa sa mga rekisito kaugnay ng pagbubukod para sa mga indibidwal na positibo sa COVID-19 at pag-quarantine ng mga Malapitang Kontak ng mga indibidwal na positibo sa COVID-10, Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-11 noong Hunyo 17, 2020 na naglilimita sa mga pagtitipon, nagpapahintulot ng pagtitipon ng mga maliliit na grupo (social bubbles), nag-aatas ng pagdidistanysa sa kapwa at mga pantakip sa mukha, at nag-aatas sa mga negosyo na magpatupad ng mga protokol sa pagdidistansya ng mga tao at mga plano sa kalusugan at kaligtasan ("Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya o Social Distancing").

6. <u>Mga Kahulugan at mga Pagbubukod:</u>

   a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang **<u>Pasilidad</u>** ay anumang lisensyadong pasilidad na matatagpuan sa mga hiyograpikong hangganan ng County ng San Mateo na nagbibigay ng residensyal na pangangalaga sa isang maramihang tirahan, kasama ang mga Pasilidad para sa Pangangalaga ng Propesyonal na Nars; Intermediate Care na mga Pasilidad ng lahat ng mga uri ng lisensya; Mga Hospice na Pasilidad; mga Pasilidad para sa Kalusugan para sa may Maraming Nakatira; Mga Chronic Dialysis Center; mga Pasilidad para sa Panlipunang Rehabilitasyon; Mga Group Home; Mga Pasilidad para sa Residensyal na Pangangalaga para sa Nakakatanda; Pangmatandang Residensyal na mga Pasilidad; Mga Sentro ng Rehabilitasyon sa Pangkaisipang Kalusugan, at; Mga Pasilidad para sa Residensyal na Paggamot.
   b. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang **<u>Hindi Awtorisadong mga Bisita at mga Hindi-Kinakailangang Tauhan</u>** ay mga empleyado, mga kontratista, o miyembro ng publiko na hindi karaniwang nagsasagawa ng paggamot, pagmementina, suporta, o administratibong mga gawain na itinuturing na kinakailangan sa pangangalagang pangkalusugan na layunin ng Pasilidad.

Maliban kung tinukoy ng "Kinakailangang Pagbisita o Kontak" o pinahintulutan sa ilalim ng mga probisyon sa Limitadong Pagbisita sa Labas at Pakikiramay sa Loob (Indoor Compassionate Care), kabilang sa mga Hindi Awtorisadong Bisita at Hindi Kinakailangang Tauhan ang mga indibidwal na may legal na awtoridad na gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng mga residente ng Pasilidad at mga kaibigan at kapamilya ng mga residente. Walang bahagi ng Kautusang ito ang pumipigil sa mga miyembro ng sambahayan ng mga operator ng Pasilidad kung saan ang Pasilidad ay pinatatakbo sa loob ng isang gusali na kasama rin ang pribadong lugar ng paninirahan, mula sa patuloy na pagtira sa parehong gusali kung saan ang Pasilidad ay pinatatakbo, subalit sila ay dapat na sumunod sa mga kinakailangan ng Kautusang ito hangga't maaari na may kaugnayan sa bahagi o mga bahagi ng gusali na bumubuo sa Pasilidad. Ang Ombudsperson ay isang awtorisadong bisita at hindi kasama sa terminong ito, ngunit ang Ombudsperson ay dapat pa ring sumunod sa mga protokol ng Pasilidad tungkol sa pagbawas sa panganib at dapat ring umiwas sa hindi-kinakailangang mga pagbisita sa lugar.

c. Para sa layunin ng Kautusang ito, ang **Mga Kawani ng Pasilidad** ay lahat ng may-ari, operator, empleyado, kontratista, boluntaryo at iba pang tauhan na karaniwang nagsasagawa ng paggamot, pagmementina, suporta, o administratibong mga gawain na itinuturing na kinakailangan sa pangangalagang pangkalusugan na layunin ng Pasilidad.

d. Habang may bisa ang Kautusang ito, at alinsunod sa mga rekisito ng Naunang Kautusan, ang bawat Pasilidad ay dapat magkaroon at patuloy na magpatupad ng isang **COVID-19 na Plano** para sumunod sa naaangkop na gabay mula sa CDC para sa mga nursing home at iba pang lugar para sa pangmatagalang pangangalaga ("Gabay ng CDC") (makikita online sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/long-term-care.html) at sa gabay na inisyu ng California Department of Public Health ("CDPH") (makikita online sa https://www.cdph.ca.gov/) na may kaugnayan sa pag-screen ng mga residente, kawani, at mga bisita para sa mga palatandaan ng COVID-19, at iba pang naaangkop na gabay kaugnay sa COVID-19. Walang bahagi ng Kautusang ito ang pumipigil sa isang Pasilidad mula sa paggawa ng mga hakbang na mas mahigpit pa kaysa sa gabay na ibinigay ng CDC o CDPH sa plano nito, gayunpaman, dapat na isaalang-alang sa desisyon na ipatupad ang mga naturang mas pinaigting na proteksyon ang mga pangangailangan sa kapakanang panlipunan at emosyonal at pangkaisipang kalusugan ng mga residente ng Pasilidad. Dapat i-update ng bawat Pasilidad ang COVID-19 na Plano nito kapag naglabas ng mga bagong COVID-19 na mga rekomendasyon o mga kinakailangan para sa mga nursing home at iba pang lugar para sa pangmatagalang pangangalaga ang CDC, CDPH, o Opisyal ng Kalusugan, o kung inaatas ng batas. Sa pinakamababa, kasama dapat sa bawat plano ang:

   i. Araw-araw na pag-screen ng mga residente para sa mga sintomas ng COVID-19, kabilang ang pagkuha ng temperatura.
   ii. Araw-araw na pag-screen sa mga Kawani at tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga sintomas ng COVID-19, kabilang ang pagkuha ng temperatura, bago sila makapasok sa Pasilidad.
   iii. Pagbibigay ng mga gamit sa kalinisan, kabilang ang:
      1. Hand sanitizer na naglalaman ng 60-95% na alkohol sa bawat silid ng residente (mas mabuti kung sa loob at sa labas ng silid) at iba pang mga lugar sa pag-aalaga ng residente at mga pangkalahatang lugar (hal., sa lugar ng kainan, sa mga silid ng therapy) maliban kung natukoy ng tagapangasiwa na ang pagpapahintulot ng

hindi pinapangasiwaang akses sa hand sanitizer ay nagdadala ng panganib sa (mga) residente.
2. Tiyakin na ang mga lababo ay may sabon at papel na tuwalya (tisyu) para sa paghuhugas ng kamay.
3. Gawing madaling makakuha ng mga tisyu at facemask para sa mga may ubo.

iv. Pagbibigay ng kinakailangang Personal na Pamprotektang Kagamitan o Personal Protective Equipment ("PPE") para gamitin alinsunod sa Gabay ng CDC, na makukuha sa mga lugar kung saan ang pag-aalaga sa residente ay ipinagkakaloob. Maglagay ng basurahan malapit sa mga labasan sa loob ng silid ng residente para maging madali para sa mga Kawani na itapon ang PPE bago lumabas sa silid, o bago magbigay ng pangangalaga para sa isa pang residente sa parehong silid. Dapat magsagawa ng lahat ng makatuwirang hakbang ang mga pasilidad para makakuha ng sapat na mga suplay ng PPE para maprotektahan ang mga residente alinsunod sa Gabay ng CDC, kasama, kung naaangkop para sa pangangalagang ipinagkakaloob, ang mga suplay ng:
1. Mga Facemask;
2. Mga Respirator (kung mayroon at ang Pasilidad ay may isang programa sa proteksyon sa respiratoryo sa tulong na sinanay, medikal na pumasa, at sinuring mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan);
3. Mga Gown;
4. Mga Guwantes; at
5. Proteksyon sa mata (hal., face shield o goggles).

v. Pagbibigay ng pagsasanay kung paanong tamang gamitin ang PPE at isagawa ang tamang mga gawi sa kalinisan.

vi. Pagbabawal sa lahat ng mga personal na panggrupong gawain at sabay-sabay na pagkain.

vii. Gawing available ang mga suplay na nakarehistro sa EPA at pang-ospital na pandisimpekta nang may sapat na dami para mapahintulot ang madalas na paglilinis ng madalas-hawakan na mga ibabaw at kagamitan sa pangangalaga ng residente na ginagamit ng marami.

viii. Abiso sa destinasyon na Pasilidad o acute care na ospital at sa Emergency Medical Services ("EMS") at sa sinumang iba pang mga tauhan sa paglilipat ng sinumang kumpirmado o hinihinalang positibo sa COVID-19 na residente na ililipat sa ibang Pasilidad o acute care na ospital.

e. Ang **<u>Kinakailangang Pagbisita sa Loob</u>** ay isang personal na pagbisita o pakikisalamuha sa loob ng Pasilidad na kinakailangan dahil sa kagyat na isyung pangkalusugan, legal o iba pa na hindi makakahintay hanggang wala nang bisa ang Kautusang ito, at na hindi maaaring isagawa sa labas sa ilalim ng mga probisyon sa Limitadong Pagbisita sa Labas na itinakda sa Seksyon 8, sa ibaba. Kabilang sa Kinakailangang Pagbisita sa Loob ang, ngunit hindi limitado sa: mga pagbisita na inaatas ng batas, mga pagbisita ng mga legal na tagapagpasya tulad ng mga conservator at ahente na may taglay na kasalukuyang may bisang power of attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan, at **<u>mga Pakikiramay na Pagbisita o Compassionate Care Visit</u>**, na tumutukoy sa mga pagbisita sa loob ng Pasilidad sa isang residenteng malapit nang mamatay, kung hindi ligtas o maaaring isagawa ang pagbisita sa labas. Ang Kinakailangang Pagbisita sa Loob kabilang ang mga Pakikiramay na Pagbisita ay:

i. Ise-skedyul nang maaga sa Pasilidad, bagaman ang Pasilidad ay maaaring ipagpaubaya na ang rekisito para sa maagang pagpapaiskedyul sa mga emerhensyang sitwasyon at kung itinuturing na naaangkop;
ii. Sa silid ng isang residente o sa ibang lugar ng Pasilidad na naaangkop para sa mga naturang pagbisita, tulad ng solarium o iba pang lugar. Dapat sapat ang laki ng lokasyon para sa pagbisita upang mapahintulutan ang mga bisita na mapanatili ang anim na talampakang distansya mula sa mga Kawani at residente. Dapat tiyakin ng Pasilidad na ang mga bisita ng Kinakailangang Pagbisita sa Loob ay hindi dadaan sa anumang espasyo na itinakda bilang lugar para sa pangangalaga ng COVID-19 o anumang lugar kung saan naroroon ang mga residenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19, maliban sa kung kinakailangan kapag bumibisita sa isang residenteng positibo o ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19;
iii. Para sa Kinakailangang Pagbisita sa Loob kabilang ang mga Pakikiramay na Pagbisita sa mga residente na hindi positibo o ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19, kabilang ang mga residente na gumaling na mula sa mga naturang sakit, dapat magbigay ang Pasilidad ng mga surgical mask sa mga Kawani at residente sa lahat ng oras sa panahon ng pagbisita, at dapat magsuot ang mga bisita ng mga Pantakip sa Mukha alinsunod sa batas ng Estado at sa Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya, sa lahat ng oras na nasa loob sila ng Pasilidad at patuloy sa buong pagbisita.
iv. Para sa Kinakailangang Pagbisita sa Loob kabilang ang mga Pakikiramay na Pagbisita sa mga residenteng positibo o ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19 alinsunod sa Seksyon 10 sa ibaba, dapat magbigay ang Pasilidad ng mga surgical mask at face shield sa mga residente, at naaangkop na personal na pamproteksyong kagamitan, kabilang ang mga surgical face mask, surgical gown at guwantes, sa lahat ng Kawaning namamahala sa mga pagbisita at lahat ng bisita, na dapat nilang suotin sa lahat ng oras sa buong panahon ng pagbisita, at magbigay ng hand sanitizer at tiyakin ang tamang paglilinis ng kamay, sa simula at katapusan ng bawat pagbisita, para sa lahat ng mga kasangkot.

f. Ang**Limitadong Eksepsyon para sa mga CCRC** ay ang eksepsyon na maliwanag na tinukoy sa subsection na ito at alinsunod sa patnubay na inisyu ng California Department of Social Services para sa mga residenteng nasa Continuing Care Retirement Communities ("CCRC") na naninirahan nang mag-isa ("Independent CCRC Residents"). Ang mga Pasilidad para sa mga CCRC na nakakatugon sa mga Kondisyong Kinakailangan na itinakda sa Seksyon 8 sa ibaba, ay maaari na, kung aktibong pinamamahalaan at sinusubaybayan para sa pagtalima ng Pasilidad, pahintulutang maisagawa ang pangnegosyong aktibidad ng mga hair salon at barberya tulad na inilarawan sa patnubay ng Estado ng California para sa mga Hair Salon at Barberya ("Gabay ng Estado") na mahigpit na tumatalima sa gabay na iyon sa mga lugar nito sa ilalim ng sumusunod na mga kondisyon: (1) dapat isagawa ang lahat ng naturang aktibidad sa labas, sa isang angkop at ligtas na lokasyon, iniskedyul nang maaga, nang hindi lalampas sa isang Independienteng Residente ng CCRC ang tumatanggap ng serbisyo at isang Residente ng CCRC na naghihintay para sa isang appointment (pinapanatili ang distansya na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa iba) sa lahat ng oras; (2) dapat pumili ang CCRC ng isang propesyonal ("Propesyonal") para magsagawa ng lahat ng serbisyo, at ang Propesyonal aydapat na magsuot ng Pantakip sa Mukha o mask alinsunod sa batas ng Estado at Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya habang nasa lugar ng CCRC, bilang karagdagan, dapat magsuot ng face shield sa

lahat ng oras habang nagbibigay ng serbisyo, at dapat magbigay ng hand sanitizer para magamit ng lahat ng kasangkot sa pagsunod sa tamang paglilinis ng kamay bago at pagkatapos ng mga serbisyo; (3) Ang mga Independienteng Residente ng CCRC ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha o mask alinsunod sa batas ng Estado at Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya sa lahat ng oras habang nagpapaserbisyo sa ilalim ng subsection na ito; (4) bilang karagdagan sa Gabay ng Estado, dapat tiyakin ng CCRC ang pagsunod sa lahat ng rekisito ng Seksyon 7(a), (d) at (e) sa ibaba; at (5) dapat pagbawalan ng CCRC ang mga residenteng nagpapaserbisyo na makisalamuha sa ibang residente na hindi Independienteng Residente ng CCRC nang hindi bababa sa 14 na araw pagkatapos matanggap ang serbisyo. Para malinaw, ang eksepsyon na ito ay hindi maaari sa mga residente ng CCRC na binibigyan ng Assisted Living, skilled nursing, o Pinangangalagaan para sa Memorya/Dementia. Para sa karagdagang paglilinaw, maaaring pumili ang CCRC ng isang bagong Propesyonal para magbigay ng serbisyo basta't nakalipas na ang 14 na araw mula sa pagbisita ng naunang Propesyonal.

7. **Mga Rekisito para sa Lahat ng Pagbibisitang Pinahihintulutan sa Ilalim ng Kautusang Ito.**
   a. **Pag-screen ng Bisita.** Nasasailalim sa limitadong eksepsyon para sa mga Unang Rumeresponde sa Seksyon 16, sa oras ng pagbisita, bago pumasok ang sinumang bisita sa Pasilidad at bago ilipat ang isang residente sa itinakdang lugar para sa pagbisita sa labas, dapat i-screen ng Pasilidad ang lahat ng bisita, kabilang ang Limitadong Pagbisita sa Labas at Kinakailangang Pagbisita sa Loob at Pakikiramay na mga Pagbisita, para sa mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 at kunin ang kanilang mga temperatura. Hindi papahintulutang bumisita ang sinumang may senyales at sintomas na nagpapahiwatig ng COVID-19, kabilang ang lagnat na katumbas o mas mataas sa 100.4 F, giniginaw, ubo, kinakapos ang paghinga o nahihirapang huminga, pamamaga ng lalamunan, pananakit ng kalamnan, masamang pakiramdam o pagkapagod, pananakit ng tiyan, naduduwal, pagsusuka, pagtatae, pananakit ng ulo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pamumula ng mata o pink eye, pantal, masakit na kulay-ube o pulang sugat sa paa o pamamaga ng mga daliri ng paa, at alinsunod sa gabay mula sa CDC (makikita online sa www.cdc.gov) at sa CDPH (makikita online sa www.cdph.ca.gov). Pinagbabawalan ang mga taong nakabukod dahil sa COVID-19 o naka-quarantine dahil sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19 na bumisita sa anumang Pasilidad sa panahon ng pagbubukod o quarantine. Ang mga taong gumaling mula sa COVID-19 at/o pinalabas mula sa pagbubukod o quarantine ay maaaring bumisita, at hindi mangangailangan ang Pasilidad ng ebidensya ng negatibong resulta ng pagsusuri bago pahintulutan ang naturang pagbisita.
   b. **Panlipunang Pagdidistansya.** <u>Ang lahat ng bisita ay dapat magpanatili ng anim na talampakang layo mula sa residente at nagbabantay na (mga) miyembro ng kawani sa lahat ng oras sa panahon ng pagbisita, hal., hindi pinahihintulutan ang paghawak, pagyakap, pagsalo sa pagkain, inumin o paghiraman ng kubyertos.</u> Ang anumang pagpapalitan ng mga dokumento o paglagda na kinakailangan dahil legal na inaatas ay dapat isagawa gamit ang angkop na mga hakbang sa pagkontrol sa pagkalat ng sakit, hal., elektronikong pagsusumite at/o paglalagda, pagpapanatili ng anim na talampakang distansya. Sa kabila nito, wala sa Kautusang ito ang bibigyang kahulugan na humahadlang o nagpipigil sa medikal na kinakailangang pangangalaga na nangangailangan ng direktang kontak sa mga residente o paglapit na wala pang anim na talampakan ang layo.

c. **Abiso sa mga Bisita.** Kapag nag-iiskedyul ng mga pagbisita at ulit, sa oras ng pagbisita, dapat ipaalam ng Pasilidad sa mga bisita na dapat silang magkansela o ipagpaliban ang pagbisita kung masama ang kanilang pakiramdam, at sinumang bisita na magkakaroon ng mga sintomas na tulad ng sa COVID-19 at/o nasuri na may COVID-19 sa loob ng dalawang araw mula sa pagbisita ay dapat na agarang magbigay abiso sa Pasilidad at dapat na abisuhan agad ng Pasilidad ang Yunit para sa Nakakahawang Sakit ng San Mateo County Health.

d. **Pamamahala ng mga Pagbisita.** Dapat tiyakin ng Pasilidad na ang bawat pagbisita ay pinamamahalaan ng Kawani ng Pasilidad, mas maganda kung isang indibidwal na sinanay sa kaligtasan ng pasyente/pagkontrol ng sakit, sa lahat ng oras sa buong panahon ng pagbisita. Sa kabila nito, sa panahon ng mga pagbisita na pinahihintulutan sa ilalim ng Kautusang ito na may kasangkot na mga bagay na nangangailangan na maging kumpidensyal, tulad ng kasama ang legal na tagapayo/abugado, isasagawa ng Kawani ng Pasilidad ang lahat ng makakaya para ligtas na mapangasiwaan ang naturang pagiging kumpidensyal.

e. **Talaan ng mga Bisita.** Dapat magkaroon ang Pasilidad ng talaan ng lahat ng bisita sa ilalim ng Kautusang ito hanggang sa ipag-utos na sirain ito. Dapat panatilihin ang Talaan ng Bisita sa isang ligtas na lugar kapag hindi ginagamit, at panatilihing kumpidensyal. Dapat naglalaman ng sumusunod na impormasyon ang Talaan ng Bisita:
   i. Petsa at oras ng pagbisita
   ii. Pangalan/lokasyon ng taong binibisita
   iii. Pangalan, address, at numero ng telepono ng bisita

8. **Limitadong Pagbisita sa Labas.** Napapasailalim sa mahigpit na pagtalima sa Kautusang ito, kabilang ang tinukoy na mga Kinakailangang Matugunang Kondisyon na itinakda sa ibaba, at ang mga rekisito sa Seksyon 7, sa itaas, maaaring pahintulutan ng mga Pasilidad ang Limitadong Pagbisita sa Labas tulad ng nakatakda rito. Gayunpaman, maaaring suspindehin ng Pampublikong Kalusugan ng County ang Limitadong Pagbisita sa Labas sa alinmang indibidwal na Pasilidad o sa lahat ng Pasilidad na napapailalim sa Kautusang ito anumang oras kung kinakailangan para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan.

   a. **Mga Kinakailangang Matugunang Kondisyon.** Upang mapahintulutan ng Pasilidad ang Limitadong Pagbisita sa Labas para sa mga residente nito sa ilalim ng Kautusang ito, dapat muna nitong sertipikahin nang nakasulat sa Pampublikong Kalusugan ng County na natutugunan nito ang sumusunod na mga Kinakailangang Matugunang Kondisyon:
      i. May sapat na access ang Pasilidad sa pagsusuri para sa COVID-19 at ipinapatupad ang (para sa mga Pasilidad ng Propesyonal na Pangangalaga) "COVID-19 Mass Testing na Estratehiya" ng Pampublikong Kalusugan ng County: https://www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/mass_testing_strategy_for_snfs_in_san_mateo_county_5.29.2020_0.pdf?1592794624 o (para sa lahat ng iba pang lisensyadong pasilidad na napapailalim sa kautusang ito, ang "Checklist ng mga Rekomendasyon para sa COVID-19 para sa mga LTCF, RCF at mga Panggrupong Lugar" ng Pampublikong Kalusugan ng County https://www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/covid-19_recommendations_checklist_for_ltcfs_rcfs_and_congregate_settings_6.29.2020.pdf?1593809707
      ii. Hindi nakakaranas ng kakulangan ng Kawani ang Pasilidad;

iii. May sapat na supply ng mga PPE at mahahalagang kagamitang panlinis ang Pasilidad upang mapangalagaan ang mga residente nito;
iv. Walang bagong positibong kaso ng COVID-19 ang Pasilidad sa mga Kawani nito o residente sa kahit na dalawang magkasunod na pagsusuri;

Ang isang Pasilidad ay ipinagbabawal mula sa pagpapahintulot ng Limitadong Pagbisita sa Labas para sa anumang panahon gaano man kahaba/kaikli ang pagbisita kung hindi ito tumatalima sa mga naaangkop na Kinakailangang Matugunang Kondisyon. Kung ang isang Pasilidad ay hindi tumalima sa mga naaangkop na Kinakailangang Matugunang Kondisyon, dapat agad nitong itigil ang anumang Limitadong Pagbisita sa Labas, kabilang ang mga pagbisitang na-iskedyul na, at abisuhan ang Pampublikong Kalusugan ng County sa smccdcontrol@smcgov.org sa loob ng 24 na oras tungkol sa dahilan para sa hindi pagsunod sa mga Kinakailangang Matugunang Kondisyon at ang pagtigil sa Limitadong Pagbisita sa Labas. Ang Pasilidad na hindi tumatalima sa naaangkop na Kinakailangang Matugunang Kondisyon ay maaari lang magsimula o magpatuloy ng Limitadong Pagbisita sa Labas kapag nakapagbigay ng nakasulat na sertipikasyon ang tagapangasiwa ng Pasilidad o itinalaga nito sa Pampublikong Kalusugan ng County sa smccdcontrol@smcgov.org na ito ay tumatalima na sa mga Kinakailangang Matugunang Kondisyon.

b. **Mga Rekisito para sa Limitadong Pagbisita sa Labas.** Bilang karagdagan sa mga rekisitong itinakda sa Seksyon 7 sa itaas, dapat tumatalima ang Limitadong Pagbisita sa Labas sa mga sumusunod na rekisito:
   i. Hindi lalampas sa dalawang may sapat na gulang kada pagbisita, at isang residente kada pagbisita, ngunit kung ang mga residente ay nakatira sa iisang silid, maaari silang makilahok sa iisang pagbisita na tila sila'y isang residente. Ang mga bisita ay dapat na kapamilya at/o itinalagang taong nagbibigay suporta tulad ng mga malapit na kaibigan at/o pari/tagapayong ispiritwal (hal., mga pagbisita ng mga binabayarang tagapagbigay ng serbisyo tulad ng mga tagaayos ng buhok, barbero, pet therapist, art therapist, atbp. ay hindi pinapahintulutan) o ang isang tao na ang pagbisita ay kinakailangan dahil sa mga kagyat na isyu sa kalusugan o legal na hindi makapaghihintay hanggang sa hindi na mabisa ang Kautusang ito, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagbisita na iniaatas ng batas, mga pagbisita ng mga legal na tagapagpasya tulad ng mga conservator o mga ahente na may taglay na kasalukuyang may bisang power of attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan.
   ii. Dapat ipaiskedyul nang maaga sa Pasilidad ang pagbisita;
   iii. Dapat isagawa ang pagbisita sa isang itinalagang lugar sa labas sa lugar ng Pasilidad o sa tabi nito, na may sapat na espasyo para mapahintulutan ang pagtalima sa naaangkop na batas ng Estado at Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya, naaangkop na mga proteksyon sa lagay ng panahon, at ginawang ligtas para sa mga residente ng Pasilidad at ang kanilang pinahihintulutang mga bisita.
   iv. Dapat tiyakin ng Pasilidad na sinumang residente na ililipat papunta sa o mula sa lugar sa labas para sa pagbisita ay hindi idadaan sa anumang espasyo na inilaan para sa pangangalaga sa COVID-19 o kung saan naroroon ang mga residenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19. Gayon din, ang mga bisita ay hindi dapat dadaan sa anumang espasyo na inilaan para sa pangangalaga sa COVID-19 o kung saan naroroon ang mga residenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19.

v. Dapat magbigay ang mga Pasilidad ng mga surgical face mask sa lahat ng mga Kawani na namamahala sa mga pagbisita at lahat ng residente na binibisita, at dapat nila itong isuot sa lahat ng oras sa buong panahon ng pagbisita.

vi. Dapat magsuot ang mga bisita ng pantakip sa mukha o mask sa lahat ng oras sa buong panahon ng pagbisita at alinsunod sa mga rekisito ng batas ng Estado at Kautusan sa Panlipunang Pagdidistansya. Inirerekumenda, ngunti hindi inaatas, na magbigay ang mga Pasilidad ng face mask/face shield na kumbinasyon sa bawat taong naroroon para sa Limitadong Pagbisita sa Labas upang higit na mapababa ang panganib na magkahawahan).

vii. Dapat magbigay ang Pasilidad ng hand sanitizer at ang Kawani ay dapat mangasiwa ng tamang paglilinis ng kamay, sa simula at katapusan ng bawat pagbisita, para sa lahat ng kasama sa Limitadong Pagbisita sa Labas.

9. **Nasa Pagpapasya ng Pasilidad.** Maaaring lumikha ang mga Pasilidad ng mga patakaran na nagtataguyod ng dalas, tagal, oras, at iskedyul para sa mga Limitadong Pagbisita sa Labas at maaari nilang kanselahin, ipagpaliban, i-iskedyul muli, o tapusin ang Limitadong Pagbisita sa Labas - pandaigdigan man para sa lahat ng naturang pagbisita sa Pasilidad, o pang-indibidwal para sa partikular na mga Limitadong Pagbisita sa Labas - dahil sa kakulangan ng kawani, o para maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng isang residente o mga residente at/o mga bisita, kabilang ang proteksyon mula sa mga panganib na dulot ng lagay ng panahon. Nasa Pasilidad ang desisyon kung ipagpapaliban o i-iskedyul muli ang isang Kinakailangang Pagbisita sa Loob kabilang ang Pakikiramay na Pagbisita batay sa indibdwal na kaso kapag ang mga kalagayan tulad ng kulang sa kawani o iba pang kondisyon ay naghahatid ng partikular na panganib sa kalusugan ng mga residente o bisita na hindi mapipigilan.

10. **Mga Residenteng Positibo/Ipinagpapalagay na Positibo sa COVID-19.** Ang mga residente ng Pasilidad na positibo o ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19 ay hindi maaari para sa Limitadong Pagbisita sa Labas o sa Limitadong Eksepsyon para sa mga CCRC sa panahon na sila ay nakakahawa, at hanggang sa sila ay gumaling, alinsunod sa mga protokol na inisyu ng Pampublikong Kalusugan ng County: Ang mga Patnubay sa Pagtanggap, Muling Pagtanggap, at Pagtigil ng mga Pag-iingat Hinggil sa Pagkalat ng COVID-19 sa Panggrupong Pasilidad ay matatagpuan sa: https://www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/ flow_chart_ covid-19_congregate_setting_admission_readmission_and_discontinuation_of_isolation_ guideline_6.15.2020_final_ada_accessible.pdf?1592794761 ("Mga Patnubay para sa COVID-19 para sa mga Panggrupong Pasilidad"). Ang mga residente ng Pasilidad na positibo at ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19 ay maaari para sa Kinakailangang Pagbisita sa Loob kabilang ang mga Pakikiramay na Pagbisita alinsunod sa Kautusang ito, at ang mga pagbisita sa mga naturang residente ay sasailalim sa mas pinaigting na mga protokol sa pagkontrol ng pagkahawa ayon sa gabay ng CDC at CDPH sa pagkontrol ng pagkalat ng sakit, alinsunod sa Seksyon 6(e)(iv), sa itaas.

11. Bilang karagdagan sa mga rekisito sa Seksyon 6 sa itaas, ang COVID-19 na Plano ng bawat pasilidad ay dapat magsama ng isang rekisito na sumunod ang Pasilidad sa mga Patnubay para sa COVID-19 para sa mga Panggrupong Pasilidad na makikita sa Seksyon 8(d) ang link, sa itaas, kaugnay sa sinumang Kawani ng Pasilidad o residente na may sakit o hindi pumasa sa kinakailangan na pag-screen.

12. **Kung malaman ng isang Pasilidad na ang sinumang residente ng Pasilidad, o mga Kawani ng Pasilidad na nakatira o nagtatrabaho sa Pasilidad, o kamakailan lamang tumira o nagtrabaho sa Pasilidad, ay nagpositibo para sa COVID-19 o sinabihan ng isang doktor na may sinumang residente o Kawani ay hinihinalang positibo sa COVID-19, dapat ipagbigay-alam kaagad ng Pasilidad (sa loob ng 24 na oras) sa Yunit para sa mga Nakakahawang Sakit ng San Mateo County Health. Ang mga Residente at Kawani ng lahat ng Pasilidad ay dapat ding sumailalim sa iniuutos na COVID-19 na pagsusuri, at ang pagpapatupad ng naturang iba pang mga hakbang para mapigil ang pagkalat ng COVID-19 na itinuturing na kinakailangan para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan, ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng San Mateo o ng itinalaga nito.**

13. Ang bawat Pasilidad ay mahigpit na hinihikayat na gawin ang lahat ng makatuwirang hakbang upang mapigilan ang mga Kawani ng Pasilidad mula sa pagtatrabaho sa isa pang Pasilidad o iba pang mga Pasilidad sa loob ng parehong 14 na araw na panahon para maiwasan ang pinataas na panganib ng pagkalat ng COVID-19 mula sa isang Pasilidad patungo sa iba. Kasama sa naturang mga makatuwirang hakbang ang, ngunit hindi limitado sa, pag-abiso sa lahat ng Kawani ng Pasilidad tungkol sa panganib ng pagtatrabaho sa higit sa isang Pasilidad at pagtatrabaho kasama ang mga Kawani ng Pasilidad sa ibang mga Pasilidad upang maiwasan ang pinataas na panganib na ito hangga't maaari.

14. Walang anuman sa Kautusang ito ang nagpapawalang bisa sa rekisito na magsagawa ang mga Pasilidad ng makatuwirang mga hakbang upang pangasiwaan ang ugnayan sa pagitan ng mga residente at kanilang mga kaibigan at kapamilya sa ibang paraan maliban sa personal na pagbisita (tulad ng sa telepono o videconference) kung ang naturang mga pagsisikap ay hindi makakahadlang sa pangangalagang pangkalusugan na layunin ng Pasilidad.

15. Kung may sinumang Hindi Awtorisadong Bisita, pinahintulutang bisita o Hindi-Kinakailangang Tauhan ang tumangging sumunod sa Kautusang ito, maaaring tawagan ng Pasilidad ang lokal na tagapagpatupad ng batas o ang Sheriff ng County ng San Mateo para humingi ng tulong sa pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng napipintong panganib at banta sa kalusugan ng publiko, nagdudulot ng kaguluhan sa publiko, at maaaring maparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho.

16. Ang Kautusang ito ay hindi naghihigpit sa mga unang rumeresponde sa pagpasok sa Pasilidad sa panahon ng isang emerhensiya. Bilang karagdagan, ang Kautusang ito ay hindi naghihigpit sa mga tagapangasiwa, opisyal, tagapagsiyasat, o tauhang medikal o tagapagpatupad ng batas ng estado o pederal mula sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin na naaayon sa batas sa mga Pasilidad. Ang mga taong pinahihintulutang makapasok, maliban sa mga unang rumeresponde, sa panahon ng emerhensiya ay dapat sumunod sa lahat ng kondisyon sa pagbisita na ipinapatupad ng Pasilidad sa oras ng pagpasok o pagpunta sa Pasilidad hangga't maaari.

17. Magkakabisa ang Kautusang ito sa Hulyo 15, 2020 ng 11:59 nang madaling araw at magpapatuloy na maging mabisa hanggang sa ito ay bawiin, mapalitan, o baguhin ng Opisyal ng Kalusugan nang nakasulat.

SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

18. Habang may bisa ang Kautusang ito, ang Pasilidad ay dapat magbigay ng mga kopya ng Kautusan sa lahat ng mga sumusunod na paraan: (1) i-post ang Kautusang ito sa website ng Pasilidad (kung mayroon); (2) ipaskil ang Kautusang ito sa isang makikitang lokasyon sa lahat ng pasukan sa Pasilidad; (3) ibigay ang Kautusang ito sa bawat residente ng Pasilidad; (4) ibigay ang Kautusang ito sa sinumang awtorisadong tagapagpasya para sa bawat residente ng Pasilidad kung hindi ang residente; (5) ibigay ang Kautusang ito sa Mga Serbisyo ng Ombudsman ng County ng San Mateo; at (6) ibigay ang Kautusang ito sa sinumang bibisita sa Pasilidad o, kung hihilingin, sa sinumang tumawag sa Pasilidad na gustong bumisita.

19. Sa loob ng 12 oras mula ng pagkakatanggap ng Kautusang ito, dapat abisuhan ng bawat Pasilidad ang nauugnay na entidad na naglilisensya (ang CDPH man o iba) tungkol sa pagkakaroon ng Kautusang ito patungkol sa Pasilidad.

20. Kung alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring ihiwalay.

**IPINAG-UUTOS:**

___________*/Nilagdaan/*_________________
Scott Morrow MD, MPH
Opisyal ng Kalusugan
CountyCounty ng San Mateo

Petsa: Hulyo 14, 2020